

1

Nakayukong pinahid ni Aya ang luhang mabibilis na umaagos sa kanyang mukha. Humugot siya ng paper towel sa lalagyan nito at tinuyo ang mukha. Pagkaraan ay nakangiti siyang humarap sa salamin.

Kani-kanina lang ay kinumpirma ni Miguel ang pag-uwi nito kinabukasan. Ito ang panganay na anak ng kanilang amo, ang nakatak dang magmana ng kabuuan ng kompanya ng mga Pireira. Ang lalaking minahal niya mula nang mapagtanto niya ang ibig sabihin ng pagmamahal; ang kaibahan niyon sa pagtangi sa nakatatandang kapatid at sa isang lalaking simula't sapul ay pinangarap na niyang makasama habang-buhay.

Miguel called yesterday to inform them that he was getting married.

She died then.

“Aya, napakatagal mo naman diyan sa banyo! Bilisan mo na at hinihintay ka na ng mga kaibigan mo.” Narinig pa niya ang katok ni Renata, ang kanyang ina.

Malalim siyang nagbuntong-hininga at muling

nginitian ang repleksyon sa salamin. Walang kibo na lumabas siya ng banyo nang wala na siyang makitang palatandaan ng kanyang pag-iyak.

“Sige, ’Mang, alis na ho ako. Pakisabi na lang kay Tatay,” paalam niya matapos halikan ang ina.

“Anong oras ka uuwi?” tanong nito.

Sinipat niya ang kanyang wristwatch. “Mga alas ocho ho siguro ay narito na ako.”

“Sige, mag-iingat, ha? At huwag na huwag iinom diyan sa party na ’yan. Pag hindi ka pa nakauwi nang alas ocho ay ipapasundo na kita kay Lander.”

Napangiwi siya, ang tinutukoy ng ina ay ang bunso ng mga Pireira. Malapit ang binata sa kanila dahil ang mga magulang niya ang nag-aruga rito. Hindi ito nagawang tanggapin ni Enrique Pireira—ang ama nito—noong bago itong panganak dahil iyon ang naging sanhi ng kamatayan ng asawa ng matanda. Dahil doon kaya kinupkop ng mga magulang niya si Lander, binigyan ng pangalan at pinag-ukulan ng pagmamahal na tanging mga magulang lang ang makapagbibigay.

Magdadalawang taon na si Lander nang magdesisyon ang ama nitong kuhanin na ang bata at dahil na rin sa utang-na-loob nito sa kanyang

mamang at tatay ay pinatira na rin nito ang pamilya nila sa mansyon. Magpipitong taong gulang na ang lalaki nang ipinanganak siya, doon na rin mismo sa mansyon ng mga Pireira. At dahil sa closeness ni Lander sa kanyang ama at ina na totoong tinuturing nitong magulang ay tinuring na rin siya nitong kapatid. He was her overprotective brother, a devil when there was only the two of them but her protective and loving guardian whenever someone tried to hurt her—just like Miguel.

Muli siyang napabuntong-hininga at hinarap ang ina. “Kayo po ang bahala, pero kung ako sa inyo ay huwag n’yo na siyang abalihin. Alam n’yo namang lahat ng barkada ko ay pinagdududahan niyang manliligaw ko. Hindi tuloy halos makadikit sa akin ang mga kaibigan ko.”

“Mabuti nga iyon at walang makakapanloko sa ’yo. At saka dapat ay sanay na sanay ka na. Mula nang magdalaga ka ay ganyan na talaga si Lander sa ’yo. Mabuti nga at hindi na dito nakatira si Miguel at baka ni hindi ka man lang mapayagang lumabas sa bahay na ito.”

She was dearly loved, she knew it. And she loved them too. Iyon nga lang, ang pagmamahal niya kay Lander at kay Miguel ay mayroong napakalaking

kaibahan. While she loved Lander like a sister would love her brother, she loved Miguel in a completely different way. At tapos na ang mga araw ng pagbibigay niya ng pag-asa sa sarili na baka mabago rin ang tingin nito sa kanya. Na hindi na bilang nakababatang kapatid kundi bilang isang babaeng handa itong mahalín at paluguran. Her chance was ruined even before Miguel saw the grown-up Aleia. Because for the first time after seven years, he was coming home.

With his fiancée.

Pumeke siya ng ngiti. “Kaya lulubusin ko na ang party na ito, ‘Mang,” aniya at kinawayan pa ito bago lumabas sa kuwarto at tinungo ang pinto ng mansyon.

“Bakit ba kasi hindi mo man lang ako bigyan ng pagkakataon kahit manligaw man lang?”

“Sinabi ko na sa ‘yo, Larry. Wala pa sa isip ko ang magkaroon ng boyfriend,” napapagod na paliwanag ni Aya. Buong gabi na niyang pinagsisisihan ang pag-attend ng party na iyon, dahil simula pa lamang pagdating niya ay ilang kaklase na niya at schoolmates ang nagpakita ng intensyong ligawan siya.

Napakalaking kabaliwan niyon. Her heart was

constantly aching because of Miguel, there was no way she could entertain such shallow and sudden courtship. Dahil lang nakasuot siya ng magandang bestida, nakalugay ang mahaba niyang buhok at nakulayan ng makeup ang kanyang mukha.

“Bakit? Pareho naman tayong nasa edad na, ah. We’re both nearing twenty. Puwedeng-puwedeng ka nang makipagrelasyon,” kulit pa rin ng binata at lumuhod pa sa harap ng kanyang kinauupuan.

Iritado siyang tumayo at iniwan na lang basta ang kausap. Muli ay gusto niyang mapayuko sa tinging nakuha niya mula sa mga bisita. Totoong hindi siya madalas mag-ayos, hindi rin siya madalas maki-party. Dumalo lamang siya sa kaarawan ng kanyang matalik na kaibigan sa kagustuhang maiwaglit sa isip si Miguel kahit ilang oras lang. Hindi siya sanay sa humahangang mga tingin na ipinupukol sa kanya ng mga tao.

She had no idea how she looked, she didn’t even know if she had a nice body. She basically grew up in the ranch. Ang tanging kasama ay mga kasambahay sa mansyon, ang mga magulang at si Lander. Tanging oras lang na pinupuri siya ni Lander ay kung may hihingin itong pabor. Sa eskuwela naman ay wala siyang panahon na ibinibigay sa pakikisalamuha sa

mga kaklase niya. Iisa lang ang sinasamahan niya— si Nicole, nag-iisa niyang kaibigan at siyang may kaarawan ngayon.

Hinanap ng mga mata niya ang babae at nakita ito sa isang mesa di-kalayuan sa kinatatayuan niya. Hindi niya nakikita sa universidad na pinapasukan nila ang mga kasama nito, kaya nagdalawang-isip siyang lapitan ang grupo. Pero nadako sa kanya ang mga mata ni Nicole at mabilis siyang kinawayan. Atubili siyang lumapit, aware sa tingin ng mga kasama nito sa lamesa.

“Aya, pasensya na, hindi kita naasikaso. Ngayon lang kasi nakadalaw ang mga pinsan ko dito sa atin, galing pa sila ng Maynila,” paliwanag nito na tumayo at pinaghila siya ng upuan. “Sali ka na muna sa amin at mamaya pa ulit ako mag-iikot.”

Walang kibo siyang naupo sa tabi nito at saglit lang na nginitian ang mga kaharap.

“Aya, meet my cousins. Greg, Linda and Nick,” anang kaibigan niya na itinuro ang mga pinsan.

“Nice to meet you, Aya.” Si Linda ang unang bumati at malambing siyang nginitian. Ang Nick ay tumango lamang at si Greg ay malapad na ngiti ang ibinigay sa kanya.

“Nice to meet you all, too,” nakangiti rin niyang ganti.

“Ang ganda naman ng kaibigan mo, Nicole. Dapat kanina mo pa kami pinakilala,” ani Greg at tinapunan siya ng palakaibigang tingin.

“Naku, asa ka pa, Greg! Wala siyang interes sa lalaki, kaya di uubra ang mga pa-cute mo,” mabilis na pambabara ni Nicole.

Hinarap ulit siya ng binata. “Bakit naman ganoon? Sayang ang ganda mo kung hindi ka magboyfriend,” anito, halatang nagbibiro.

Napangiti siya. “Hindi ko pa lang napag-iisipan.”

“Mahaba pa naman ang gabi, may chance ba na makapagdesisyon ka bago tayo magsiuwian?” nanunukso nitong saad.

Napatingin dito si Aya. Kumikislap ang mga mata ni Greg, at sa paraan ng pagkakangiti nito ay kikiligin kahit sino ang makakakita. He was handsome in his own right. At hindi katulad ng ibang mga lalaking kumausap sa kanya kanina, walang malisya ang mga ngiti nito. Nginitian na lang niya ang binata.

Ang akala niyang magiging awkward na sitwasyon sa lamesang iyon ay hindi nagkatotoo. Mababait ang

pinsan ni Nicole. Kahit mayayaman ang mga ito ay wala siyang discrimination na naramdaman sa buong panahon ng kanilang pag-uusap.

Di rin nagtagal ay nagpaalam ang may kaarawan para kamustahin ang iba pang mga bisita. Si Linda ay nagpasama kay Nick papasok ng bahay dahil napagod daw ito kaya naiwan sila ni Greg sa lamesa.

“So, what’s wrong?”

Kunot-noong umangat ang mukha niya sa gawi nito. “Ano’ng ibig mong sabihin?”

He smiled knowingly. Uminom muna ito sa baso ng red wine bago sumagot. “Panay ang ngiti mo pero hindi naman umaabot sa mga mata mo. I may even be right to think that you have been crying,” anito at muling sumimsim sa baso.

Napayuko siya. Hindi niya inaasahang ganoon siya ka-transparent. Paano na lang pagdating ni Miguel bukas kasama ang mapapangasawa nito? Paano niya itatago ang totoong nararamdaman?

“Huwag kang mag-alala. My family and friends always tell me that I’m too observant. Mga bagay na hindi napapansin ng karamihan ay napapansin ko, and I think that makes me a good listener. I tell you, magaling din akong mag-advice.”

“Bakit? I mean... hindi mo talaga ako kilala. Bakit ka mag-e-effort na alamin kung ano ang problema ko?” maingat niyang tanong.

“You’re very pretty, alam mo ba ’yon?” bigla ay sambulat nito. Hindi siya kumibo kaya nagpatuloy ang binata. “Kung alam ng isang lalaking wala siyang pag-asa sa isang napakagandang babaeng katulad mo, they desperately try to find something that would interest the girl enough to talk with them. It doesn’t matter kung gaano katagal, they just usually want to have a piece of her time.”

Namumula siyang napangiti. “Sobra ka naman. Baka lumaki masyado ang ulo ko niyan.”

“And it’s a big plus when the girl is not aware of how pretty she is,” susog nito. “So tell me, Aya... what’s bugging you?”

Napahawak siya sa baso ng red wine na nasa lamesa. Ibinigay ito sa kanya ni Nicole kanina nang maupo siya, pero hindi niya lang nagalaw. Bigla ay parang gusto niyang uminom. Narinig niya minsan kay Lander na nakakapagpalakas daw ng loob ang uminom, kaya huwag niya raw susubukan at baka kung ano ang maisipan niyang gawin. Kinuha niya ang baso at tinikman ang likido. Bittersweet. Ganoon din ang ngiting lumabas sa kanyang mga labi.

She started to talk.

“Napaka-unfair lang, di ba? Ang huling beses niya akong nakita ay twelve years old yata ako, and I have been in love with him long before that. I’ve been missing him since he left. Pero ang nakatatak pa rin sa isip niya ay ang batang Aya...” Pinahid niya ang pinagpapawisang noo. Naiinitan na siya dahil sa dami ng red wine na nainom niya.

“Oops!” Mabilis siyang naalalayan ni Greg nang muntik na siyang matumba dahil umiikot na rin ang kanyang paningin. “Dito ang sasakyan ko, ihahatid na kita sa inyo.”

Hindi niya pinansin ang sinabi nito at nagpatuloy. “At wala nang chance para magustuhan niya ako kasi ikakasal na siya.” Parang pinipiga ang puso niya habang paulit-ulit na tumatatak sa kanyang isip ang balitang iyon.

“You couldn’t possibly be really in love with him in its truest sense...” malumanay nitong saad habang mabagal nilang tinatahak ang daan patungo sa kotse nito.

Napasimangot siya. “Why not?”

Amused na napangiti ang binata. “Because you were twelve. No one falls in love at such age... So stop crying. You’re too beautiful para iyakan ang bagay na hindi naman dapat.”

Tumigil si Aya. “Then why am I hurting?”

Hinawakan nito ang magkabila niyang balikat. “Because I think that you’ve nurtured that little infatuation in you since you were twelve. You’ve built a complete fantasy and now that reality is aiming to happen, you refuse to believe it.” Pinahid nito ang luha sa kanyang pisngi. “Tomorrow, you will realize that reality isn’t so bad. Sigurado akong hindi ka masasaktan katulad ng inaasahan mo.”

Pilit siyang ngumiti, walang pinaniniwalaan sa sinabi nito. Infatuation? Hindi naman siguro dahil doon kaya nakakaramdam siya ng kirot sa puso. Pero hindi na niya iyon isinatinig.

“Thank you, napakabait mo sa akin...” Inabot niya ang kamay ni Greg at pinisil bilang pasasalamat.

Muli itong ngumiti at dinala ang kanyang kamay sa mga labi nito. “Call me tomorrow after you’ve seen him. Excited na akong sabihin mo na handa ka nang mag-alaga ng ibang lalaki diyan sa puso mo...”

Noong oras na iyon ay may pumaradang

sasakyan sa tapat nila. Derechong bumukas ang bintana ng driver's side ng gusgusing pick-up truck at napaigtad siya nang ilabas ng driver ang kamay at hampasin nang ilang beses ang nakasaradong pinto ng sasakyan.

“Ten o'clock and the clock's still ticking, Aya. Get your ass inside the car.”

“Lander!” Parang nilipad lahat ng kalasingan niya pagkakita sa lalaki. Dismayado na parang tinatamad ang pagkakatingin nito sa kanya.

“G-good evening,” alanganing bati ni Greg sa bagong dating.

“No, it isn't,” pakli ni Lander dito. “Pero siguro ay mas bubuti ang gabi mo kung bibitawan mo ang kamay ng kapatid ko.”

Sa narinig ay mabilis niyang binitawan ang kamay ni Greg na hawak pa rin pala niya.

“Sige na, hintayin ko na lang ang tawag mo,” ani Greg na biglang pinagpawisan.

“Aya!” untag ni Lander na may galit na sa tinig.

Tiim-bagang tinapunan niya ito ng tingin bago muling hinarap ang katabi. “Maraming salamat sa lahat. Pasensya na sa—”

“Aleia, pumasok ka na sa sasakyan o dalawa kayong ipapasok ko sa trunk nito,” putol ni Lander sa sasabihin niya.

Asar na tinalikuran niya si Greg matapos itong bigyan ng nanghihingi ng pasensyang tingin.

“Napaka-OA mo talaga!” asik niya sa kinikilalang kapatid nang makapasok sa pick-up truck.

Hindi siya nito pinansin at hinarap si Greg na hindi pa rin umaalis sa kinatatayuan. “Until you can punch me in my face head on, huwag kang makikipagkita kay Aya.” Iyon lang at pinaharurot na nito ang sasakyan papalayo sa bahay ng kanyang kaibigan.

How she hated Lander sometimes.

2

“This must be heaven!” humahangang turan ni Celine, ang kasintahan ni Miguel nang makababa sa sasakyan at matanaw ang kabuuan ng kanilang lupain.

It hardly reached Miguel’s ears, though. Maging siya ay nabigla sa nasilayan. Ang dating malalagong damo na nakapaikot sa kanilang mansyon ay wala na. Napalitan iyon ng maiikling damo na halatang alaga sa pag-mow. Dahil doon ay tanaw na tanaw ang walang katapusang kagubatan na nakapaikot sa kanilang tahanang gawa sa bato at tabla.

It had been seven years since he last stepped on this land and the difference was remarkable. Maging ang bahay nila ay nabago na. Same design but different structure. And he would bet that the inside of the house was just as well-maintained as the view he was seeing. This was all definitely because of his brother.

Napapalatak siya. “Well, I’ll be damned...” wala sa sariling bulong ni Miguel.

“What’s wrong?”

“The house is basically new.” Ang ama niya

ang sumagot kay Celine. “Although the original construction is retained, there’s no doubt it’s new. And this field used to be wild grasses and wild snakes.”

“I can’t wait to see the ranch,” excited niyang bulalas.

“Sir Enrique! Miguel!”

Handa ang ngiting nilingon niya ang tumawag sa kanila. Ang Mamang Renata at Tatay Cardo niya ang mga iyon. Ito ang mga katiwala ng kanilang mansyon.

“Maligayang pagbabalik ho, Sir!” sabay na bati ng mga ito kay Enrique.

Sinalubong niya ang mga ito, nagagalak na makitang malusog pa pareho ang mag-asawa. “Tatay Cardo, Mamang Renata, kumusta ho kayo?” Hinalikan niya sa pisngi ang matandang babae at mahigpit na niyakap.

Mahigpit na yakap din ang iginanti nito sa kanya. “Miguel, Anak, napakalaki mo na at pagkapogi pa!” maluha-luha nitong saad. “Napakatagal mong hindi napadpad dito, ang sarap mong sinturunin.”

Napahalakhak siya. He had missed her, ito ang tumayong ina niya mula noong limang taong gulang siya nang lumipat ito sa mansyon kasama ang asawa

at ang kanyang kapatid na si Lander. Minahal sila ng mag-asawa na parang tunay na anak, kaya naman parang totoong mga magulang din ang turing niya sa mga ito.

“Pasensya na, Mamang,” aniya nang humiwalay sa babae. “Naging masyadong abala lang sa Maynila.”

Napangiti na lang siya nang irapan siya ng matanda. Noon din ay nadako ang tingin niya sa likuran ng mag-asawa. Sandaling nangunot ang noo niya nang masilayan ang dalagang alanganing nakangiti sa kanya.

Unaware of the rapid beating of his heart, he examined the girl.

Ang mahaba at umaalon nitong buhok ay sumasabay sa mabining paghaplos ng hangin sa paligid. Nakasuot ito ng puti at maluwag na kamiseta. Manipis ang tela niyon, masyadong manipis na naaaninag niya ang suot nitong itim na pang-ilalim. Aninag din niya ang malulusog nitong dibdib, ang manipis at kurbado nitong baywang. He swallowed as his eyes lowered down the candle-shaped legs of the girl, long and smooth and... Mabilis na tumaas ang mga mata niya nang makitaan ito ng pamilyar na pilat sa binti. Her round sparkling eyes met his, her red lips continued to smile nervously.

For a moment, Miguel felt like he'd been struck by something rather sharp and cold. Ang kalamigang iyon ay sapat para tuyuin ang pamumuo ng pawis sa kanyang noo. "Could that be you, Aya?"

Ipinalangin niyang itanggi iyon ng babae. Pero lumawak ang ngiti nito, nawala ang pag-aalinlangan—lumiwanag ang buong kapaligaran.

"Miguel..."

Saglit na nagtalo ang isip niya kung lalapitan ba ito at yayakapin katulad ng dati. He had a feeling he would get burned if he did. But the expectant look on her face melted whatever it was that was stopping him from doing so.

Mabilis niyang nilapitan ang dalaga at ipinaikot ang mga braso sa baywang nito. He hugged her. Her sweet smell that had always been her, the softness of her body, its warmth; together, ravenously woke up something really strong and fierce inside him.

"Sweet Jesus, Aya," he whispered on her ear, "I can't believe you're this big."

"And older too." Her voice was determined and... sensual.

Napailing siya sa sarili at iniangat ito sa lupa,

iniikot. Nang may lumabas na gulat na tili rito ay nakahinga siya nang maluwag. Aya's squeal seemed to have taken him out of a dangerous trance. Yes, she was still the little girl he adored dearly.

“Napakalaki mo na!” ulit niya nang bitawan ito.

Hindi ito sumagot at nanatili lang na nakangiti. Her hair out of place, her face flushed. She had a sweet face when she was little. Endearing eyes when she have chosen them to be and a rebellious glare when she didn't had it her way. And now she was still sweet, but he was afraid that it was no longer the sweetness he enjoyed. It was now intoxicating and... dangerous. Like poison in wine.

“Binantayan ka bang maigi ni Lander?” tanong niya.

Nawala ang ngiti sa maganda nitong mukha. Napakunot-noo siya at nilingon ang mga magulang nito, hoping for an explanation.

“Kagabi lang ay tinakot ni Lander ang manliligaw niyan, kaya war ang dalawa ngayon.”

Manliligaw, of course. Muli niyang pinasadahan ng tingin si Aya at sa muling pagkakita sa kagandahan nito ay parang nanigas ang kanyang kalamnan. Imposibleng walang manliligaw ang dalaga. Damn,

he would have courted her nonstop if he was her age.

Damn! bulalas ng utak niya, ashamed of what he was thinking. “That’s so very Lander,” nagawa na lang niyang sabihin at tinalikuran ito.

A kick in his groin would have been appropriate when he saw Celine. Beautiful Celine. His fiancée.

Who was not even a meter away from him, but he managed to forget for a brief moment upon seeing Aya.

Masuyong hinalikan niya ito sa noo at inakbayan. “Darling, I’d like you to meet Tatay Cardo and Mamang Renata. Sila ang tagapangalaga ng mansyon. Our second parents, dito na sila nagkakilala hindi pa man kami pinapanganak ni Lander. And this is their daughter...” Saglit lang niyang tinapunan ng tingin ang dalaga. “The youngest *Pireira*.” Diniinan niya ang huling sinabi at kunwa’y kumindat sa mga magulang nito upang paniwalain ang sariling ito pa rin ang batang Aya na tinuring nilang prinsesa ni Lander. The female *Pireira* in their lives. “Aya... She lives here too.” Nginitian niya si Celine. “And everyone, this is Celine. Siya ang mapapangasawa ko.”

Mataman ang pagkakatingin ni Aya kay Miguel.

Kausap ito ni Lander sa veranda ng second floor ng bahay. Nakasilip siya sa entrada niyon, pinapakinggan ang magagandang bagay na sinasabi nito tungkol sa mapapangasawa. Nakatiim ang mga bagang niya, enduring the pain that was starting to become familiar.

Anuman ang sinabi ni Greg sa kanya nang nakaraang gabi ay tuluyan nang napasubalian. Nang muli niyang makita si Miguel makaraan ang pitong taon, napatunayan niyang mahal niya talaga ito at napagtanto rin niyang higit pang tumindi ang kanyang pag-ibig para sa lalaki. At natatakot siya.

Mas lalong tumikas ang binata sa loob ng pitong taon. He had bulky muscles when he left but now they were refined. Toned to perfection. Ang maiksi nitong buhok ay bumagay sa mukha nitong dominante ang panga. He wore glasses now, isang bagay na hindi niya inisip na magiging bagay rito, pero nang makita niya ito kanina ay tila iyon nakadagdag sa dominante nitong hitsura. Hindi rin iyon naging sapat upang tabunan ang itim na itim nitong mga mata. Mga mata na nang tingnan siya kanina ay halos tumunaw sa inosenteng ngiting inihanda niya para rito.

Ang pangangailangang sumakop sa kabuuan niya nang ngitian siya nito ay pumuno sa kanyang puso.

The smile that she'd been longing to see again, he gave her that, and much more. Itago man ni Miguel ang totoong naramdaman kanina ay ramdam niya iyon.

She recognized the shock on his face when he saw her, the uneasiness of his body when he hugged her. She also heard his controlled gasp when he whispered in her ear. Isang bagay na hindi niya halos mabigyang-pansin dahil abala siya sa pagrenda sa sariling damdamin. Sa mapang-akit na init na hatid ng yakap nito. At sa tila pag-ikot ng paligid nang maramdaman niya ang hininga nito sa kanyang tainga.

Sa buong panahon na wala ang binata sa pamamahay na iyon ay laman ito ng kanyang isip. Naisip niya noon na nababaliw na siya, na pagkalipas ng napakahabang panahon ay sariwang-sariwa pa rin sa kanya ang mukha nito, ang ngiti, ang tawa, ang masuyong tingin na ni minsan ay hindi nawala sa tuwing tinititigan siya nito. Pero lahat ng iyon ay hindi makakapantay sa nararamdaman niya ngayon. The intensity of her feelings seemed to have multiplied tenfold.

Gusto niyang matawa dahil para bang sinasabi ng utak niya na oras na para sa seryosong pagdurusang.

No more childish longing for her first love Miguel. No more juvenile fantasies of him coming home with a wedding ring meant for her. It was time she started feeling what love really was about and at the same time learn to control it even if it meant killing the only possible source of her happiness.

Muli niyang pinasadahan ng tingin ang lalaking lihim na iniibig na ngayon ay seryosong nakatingala sa mga bituing pumuno sa kalangitan; his beautiful sideview all hers to cry about just because he would never be hers. Could never be hers. Pinahid niya ang tahimik na luhang bumasa sa kanyang pisngi. Pagkatapos ay kagat-labi nang tumalikod, tumungo sa likod-bahay kung saan tanaw ang madilim na anino ng barn at mga kuwadra. Ang maliit na burol; ang kagubatan sa likod niyon.

Kagat-labing pinigil ni Aya ang mapasigaw nang diinan ni Lander ang sugat niyang walang ampat sa pagdudugo. Nasabit iyon sa isang matalim na ugat habang pababa sila sa burol upang tunguhin ang lawa na kamakailan lang ay nadiskubre nina Lander at Miguel.

“Sinabi ko naman kasi sa ’yong huwag ka nang sumama, di ba? Lagot ako nito kay Mamang,”

kunsumidong saad nito.

“Narinig ko kasi ang tungkol sa lawang nakita n’yo, gusto ko ring maligo,” nakangiwi niyang pagsisinungaling. The only reason she wanted to be there was because Miguel was there too, the Prince Charming in her fairy tale.

“Akin na,” ani Miguel na punit ang puting kamiseta.

“Grabe pa rin ang dugo,” nag-aalalang saad ni Lander matapos siyang bitawan at bigyang-daan ang kapatid na makaupo sa harapan niya. Inabot nito ang binti niya kung saan may malalim na sugat.

“Masakit ba?” masuyo nitong tanong at marahang hinaplos ang kanyang binti.

“Ano’ng nangyari sa damit mo?” sa halip ay tanong niya.

Nginitian siya ng binatilyo at iwinasiwas sa harapan niya ang napunit na bahagi ng damit nito. “Itatali ko sa sugat mo para matigil ang pagdugo,” anito at bahagyang pinisil ang baba niya. “Sobrang sakit ba?”

Kumikislap ang mga matang umiling-iling siya. She adored his kind smile and thoughtful eyes. She was certain he was going to be her groom when she grew

up. Itinago niya ang pilyang ngiti sa kanyang mga labi. “Okay lang. Sige na, talian mo na para makapag-swimming na tayo,” ungot niya.

Nangingiting sinimulan nitong talian nang mahigpit ang binti niya matapos punasan ang nagkalat na dugo doon. “Hindi ka puwedeng mag-swimming, Aya. Next time na lang pag magaling na ang sugat mo. Baka ma-infect pa ’to at lumaki.”

Umikot ang mga mata niya at itinago ang pagngiwi nang muling kumirot ang sugat. “Hindi ’to mai-infect. Hindi naman sensitive ang balat ko, eh! Saka sayang naman ang pinaghirapan ko sa pag-akyat at pagbaba ng burol kung di ko rin lang naman mai-enjoy itong na-discover natin.”

“Aya, kami lang ni Miguel ang naka-discover dito. Makikisali ka na naman!” singit ni Lander na kasalukuyan nang kinakain ang lunch nila na ipinabaon ni Mamang Renata.

Inirapan lang niya ito at mabilis nang tumayo nang matapos si Miguel sa ginagawa. “Thank you!” she beamed at him, tinatantya kung kakayanin niyang tumalun-talon at lumangoy. Mahigpit ang pagkakatali ni Miguel sa sugat sa kanyang binti kaya naampat din pati ang sakit niyon.

“Let’s swim!” aya na niya kay Miguel at hinila ang braso nito papalapit sa lawa.

Bumuntong-hininga ito at siya naman ang hinawakan sa kamay. “Sige na nga, pero mag-lunch muna tayo, pasado ala una na siguro ito. And don’t tell me you’re not hungry, excited ka lang mag-swimming,” derecho nitong saad at maingat siyang inalalayan sa batuhan patungo sa kapatid.

Nakangiwi si Lander nang malapitan nila.

“What’s wrong?” tanong ni Miguel dito.

Kumibit-balikat ito at iniwan sila, tumungo malapit sa lawa kung saan kitang-kita sa napakalinaw na tubig ang nagkikinangang bato sa ilalim niyon.

Nagtataakang naupo sila ni Miguel na magkaharap at binuksan ang kani-kanilang baon. Napanganga siya nang mabuksan ang pink na baunan at makitang wala iyong laman. Napansin ng kababata ang pagkalito niya at nakita nito ang baunan niyang buto na lang ng manok ang laman.

“For God’s sake!” dismayado nitong turan at nilingon si Lander na may nakasingit pang tangkay ng damo sa bibig, hinihimas-himas ang tiyan.

Noon lang niya napagtanto ang nangyari. Asar-

talong tumayo siya bitbit ang baunan at naglakad papalapit kay Lander.

“Aray! Bakit ba?” gulat nitong bulalas nang batuhin niya sa likod ng baunan niya.

“Napakatakaw mo talaga! Inubos mo ang lunch ko! Ang duga mo!” sigaw niya rito.

Napakamot ito sa batok. “Hindi ko naman alam na kakain ka, eh.”

“Bakit? Ikaw lang ba ang nagugutom?” pakli niya.

“Huwag ka nang kumain, tataba ka lang lalo. Pag magdalaga ka, baka wala nang manligaw sa 'yo!”

Nanlaki ang mga mata niya sa sinabi nito. “Aba't...”

Bago pa man niya natuloy ang sasabihin ay bumagsak na ang katawan nito sa tubig. Napalingingon siya kay Miguel na nakapasok pa ang dalawang kamay sa bulsa ng maong shorts.

“Bakit mo ako tinadyakan?” humihingal na angil ni Lander nang lumitaw ang ulo sa tubig.

“Ilangoy mo ang lahat ng mga kinain mo at baka mamaya ikaw ang manaba sa lakas mong kumain,” turan nito at masuyo ang ngiting nilapitan siya at

hinawakan ang kanyang kamay.

Her eyes sparkled because of his gesture.

*“Come, share na lang tayo sa pagkain ko, okay?”
anito.*

*“O-okay,” she answered, her young heart dancing
with joy.*

Wala sa sarili na napangiti siya sa alaalang iyon ng kabataan nila. Napayakap siya sa sarili nang umihip ang malamig na hangin. The wind never changed how it blew in that place, it was just as cold as when they were kids; just as soothing. Pakiramdam tuloy niya ay kahapon lamang nangyari ang masayang araw na iyon sa lawa.

“I never thought that this house could raise a mischievous little girl into a fine exquisite lady.”

Parang may sumipa sa kanyang dibdib pagkarinig sa pamilyar at masuyong boses na iyon. Nilington niya ang pinto at nakita si Miguel na nakasandal sa hamba niyon, nakatingin sa kawalan.

“A-ano’ng ginagawa mo dito?” kabado niyang tanong, sinisikap kalmahin ang tibok ng kanyang pusong halos bumingi na sa kanyang pandinig.

Exclusively Yours - Jade Anne Franco

“I followed you,” walang anuman nitong sagot.

3

Parang naumid ang buong sistema ni Aya nang maramdaman niya ang titig ni Miguel. It was dark where they were and there was only the half-moon giving out bluish hazy light. Hindi iyon sapat upang maaninag niya ang kabuuan ng mukha nito, ang ekspresyon. And it also did not help that his eyes were as dark as the night.

“Followed me? Kanina ka pa riyan?” aniyang biglang naasiwa sa suot. Nakasuot man siya ng makapal na pajama ay parang wala ring kuwenta iyon dahil isang manipis na spaghetti-strapped top lang ang pang-itaas niya. Iyon na ang nakasanayan niyang isuot dahil babae lahat ng naroon sa mansyon maliban sa kanyang itay at kay Lander na hindi naman halos matulog doon.

“Halos magkasabay lang tayo. Tama ba akong nakikinig ka sa usapan namin kanina ni Lander?”

Para may mainit na sumabog sa kanyang mukha nang dahil sa tinuran nito. Pasalamat siya at madilim kaya hindi nito nakikita ang pamumula niya, ang katunayang totoo ang sinasabi nito.

“N-napadaan lang ako,” nauutal niyang pagsisinungaling.

“You were never a good liar, Aya...” narinig niya ang amusement sa tinig nito.

It used to warm her heart, but she felt cold instead. It was a proof that he still looked at her the same. He may had been shocked when he saw her earlier, but that was it. Hindi pa rin nagbago ang pagtingin nito sa kanya. Ramdam niya ang pagrerebelde ng kanyang puso nang dahil doon.

“Why would I lie?” pairap niyang turan.

“Why, indeed?” pakli nito at humakbang papalapit sa kanya. Pinigilan niya ang sarili na mapaatas, he would know then that something was wrong. “Nahihiya ka na bang makisali sa usapan namin?” patuloy nito.

Sa halip na salubungin ang tingin nito ay tiningala niya ang kalangitan, iniignora ang init na biglang bumalot sa ere. “I don’t know what you’re talking about. Napadaan lang ako kanina sa veranda kaya ko kayo nakita. I never joined your conversation ’cause I simply don’t have anything to say...”

“Why is that?” muli ay tanong nito. “I’ve been gone for seven years at wala kang masabi sa akin?”

Didn't you even miss me?"

Miss him! She wanted to laugh. Of course she missed him! "Hindi na lang siguro ako sanay sa presence mo," nasabi na lang niya.

Mas lalo pa itong lumapit at napigil niya ang paghinga. Lihim siyang nagdasal na sana ay mapakalma niya ang nagririgodon niyang puso. Natatakot siyang marinig iyon ng binata.

"It's still me," saad nito. "Walang nagbago sa akin."

Magkatabi na sila, kaunti na lang ay magdidikit na ang kanilang mga balikat. She could already smell his manly perfume, she could smell him.

"But I changed," wala sa sariling sagot niya, humakbang papalayo rito.

"That, you did," derecho nitong pagsang-ayon, pabulong. Tila ba hirap itong aminin iyon, and then he stepped closer, magkaharap na sila.

Napatuwid siya ng tayo. Hindi pa rin niya nakikita ang mukha ni Miguel, pero ramdam niya ang intensidad ng tingin nito. Marahan siyang muling umatras, tumikhim upang alisin ang bara sa lalamunan.

“M-matutulog na ako, good night.” Tinalikuran na niya ang lalaki at nang makailang hakbang ay nilingon ito. Nakatingin din ito sa kanya. “M-masaya akong bumalik ka na, Miguel, at... c-congratulations...” Tuluyan na niya itong iniwan.

Naiwan si Miguel na hirap ang paghinga. Aleia had been gone for a few minutes now, but her sweet scent still lingered on where he was. Sigurado siya sa sinabi niya kaninang nagmamasid ito sa kanila ni Lander, hinintay pa nga niyang sumali ito. But she never did. Kaya nang makita niyang lumayo ito sa pinagkukublihan ay nagpaalam na siya sa kapatid. There was something inside him that urged him to follow her.

At doon nga niya ito natagpuan sa patio sa likod-bahay. Smiling bitterly against the dark light of the moon, ang buhok ay nilalaro ng hangin. Ang maliit na katawan ay yakap ng sarili. She was feeling cold. Ironically though, he was feeling so hot. And he wanted to embrace her to give out the warmth his body was unreasonably giving off.

“Damn!” Naihilamos niya ang kamay sa mukha nang tumatak sa isip ang manipis nitong pang-itaas. Ang makinis nitong balikat, ang umbok sa dibdib ng dalaga, the tight bud he didn’t intentionally look at.

Malalim ang hiningang napatingala siya, feeling like a perverted prick. Inaasahan niyang napakadaming emosyon ang mararamdaman niya sa muling pag-uwi. But he wasn't prepared for the torture caused by his pheromones he was still presently denying to feel.

Marahas siyang bumuntong-hininga, muling napahilamos sa mukha at pumasok na sa kabahayan. A cold shower was appropriate.

“Bakit bigla naman ’atang dumami ang mga aktibidades n’yo sa universidad?” kunot-noong komento ni Tatay Cardo sa kanya. “Mula nang dumating sina Miguel ay hindi ka na halos makita dito sa bahay.”

Napayuko si Aya, naghahabi ng kasinungalingan sa isip. “P-papatapos na po kasi ang sem, kaya marami kaming hinahabol na projects. Magpa-finals na rin ho at nagpasya kaming magkklase na mag-group study para mas marami kaming mapag-aralan.”

Nasa ikatlong taon na siya sa kolehiyo at pumapasok sa pinakasikat na private university sa Quezon. Bayad ni Lander ang matrikula niya at higit sa kailangan ang allowance na ibinibigay ng ama nito sa kanya. Sinabi ng matandang Pireira na kulang pa

iyon sa pasasalamat nito sa pag-aruga ng kanyang mga magulang sa anak nito.

Kung tutuusin ay hindi na nila kailangan pang magsilbi sa pamilya, ang mga katulong na naroon ay labis-labis na para sa mga trabaho. Pero magkaganoon man ay nagtatrabaho pa rin sila at sinisiguro ng kanyang ina at ama na maayos ang pamamalakad sa rancho at sa kabahayan.

“Sige, basta huwag kang masyadong magpapagabi. Magti-text ka sa mamang mo kung gusto mong magpasundo. Doon ’ika mo kayo kina Nicole?”

“O-opo,” tango niya.

“Aya, puntahan mo muna ang Ate Celine mo sa kuwarto. Pinapatawag siya ni Sir Enrique para magmerienda sa den. Naroon din si Lander at katarating lang,” bungad ng kanyang mamang na kapapasok lang sa kusina.

Ibinaba muna niya ang malaking shoulder bag bago tumalima. Bumuntong-hininga siya nang malapit na sa kuwarto ni Celine. Sa ilang araw na pananatili nito sa mansyon ay totoo ang kabaitang nakita niya rito. Kahit minsan lamang sila magkatagpo ay palagi nang may nakahandang ngiti sa napakaganda nitong mukha. It made it so hard for Aya to hate her. Even

though she was the girl Miguel was marrying.

Kaya ang nagawa na lang niya ay umiwas sa mga ito. Madalas sa gabi ay nasa labas siya at nagliliwaliw, palagi siyang tumatambay sa bahay ni Nicole. Uuwi lamang siya kung sa tingin niya ay nagpapahinga na ang mga tao sa malaking bahay. Successful naman ang pag-iwas niya sa mga ito, pero wala iyong nagawa upang bawasan ang sakit na nasa puso niya.

Bumuga siya ng hangin bago kumatok sa pinto.

“Sino ’yan?” narinig niyang tanong ni Celine mula sa loob ng silid.

“Ate Celine, si Aya po ’to! Pinapatawag ka ni Sir Enrique. Saluhan mo raw siyang magmerienda sa den.” Di nagtagal ay bumukas ang pinto. Nginitian niya ang babae. “H-hello po, Ate Celine,” magalang niyang bati.

“Hi, nariyan na rin ba si Miguel?” tanong nito.

Binitin niya ang paghinga sa pag-asang mapipigil din niyon ang pagkutkan ng hapdi sa kanyang puso. Things had clearly gotten out of control. It was crazy how even his name could send her heart racing like mad.

“Wala pa ho, si Sir Enrique lang at si Lander ang

naroon sa den at hinihintay kayo,” narinig niyang sagot niya.

“Sige, susunod na ako,” anito.

Hanggang sa makabalik siya sa kusina ay nakaplaster pa rin sa bibig niya ang pekeng ngiti. Umalis siyang hindi kumikibo, ni hindi narinig ang pagtawag sa kanya ng kanyang mga magulang.

“O, saan ka na pupunta?” salubong ni Clint kay Miguel.

Tinapik niya ang balikat ng lalaki. Si Clint ay malapit niyang kaibigan noong high school at nagtapos sa sikat na universidad sa Quezon. Ito ang kinuha niyang maging general manager ng factory ng dried fruits company na siyang negosyo nila. Katatapos lang ng ginawa niyang inspection sa malawak na pabrika at wala siyang makitang problema.

“Uuwi na ako. Magaling ang pagkakamintina ng factory, Clint. Hindi talaga ako nagkamali sa pagkuha sa 'yo,” totoo sa loob na saad niya.

“Pare, hindi lang ako ang responsable sa maayos na pagtakbo nito. Naririto palagi si Lander

at tinutulungan ako. Hindi rin siya nagkulang sa pakikipag-usap sa mga manggagawa kung may mga personal na problema at kahilingan ang mga ito. Napakalaking tulong niya sa operasyon ng factory...” sagot nito at sinabayan siya sa paglalakad papalabas ng establishment.

Napangiti siya. “Alam ko, kaya sa pitong taong office work lang ang inasikaso ko sa kompanya ay wala akong narinig ni isa mang problema dito. Masyado nga ’ata akong nagdepende sa inyo, kaya kung hindi pa ako ikakasal ay hindi ko pa naisip na umuwi dito.”

“Oo nga pala, ikakasal ka na...” Napangisi ang binata. May petsa na ba?”

“Pag-alis namin ni Celine dito ay tutuloy kami sa Cebu para makausap ko na ang mga magulang niya at makapagdesisyon na rin sa petsa ng kasal,” tugon niya.

“Balita ko ay napakaganda niya, ah. Ibinibida nga ni Aya sa kapatid ko na napakaganda raw ng mapapangasawa mo...”

“Si Aleia?” kunot-noo niyang tanong. Hindi niya alam kung bakit biglang nanuyo ang kanyang lalamunan pagkarinig sa pangalan ng dalaga. Ilang

araw nang hinahanap-hanap ito ng kanyang paningin, pero palagi na lang ay nasa eskuwela raw ito o may proyektong ginagawa.

“Oo, best friend siya ni Nicole, ang kapatid ko,” pagkumpirma nito.

“M-maganda nga si Celine,” wala sa sarili niyang sagot. Bigla ay gusto niyang makita si Aya, makausap. He missed her.

“Pero si Aya, Pare... Parang kailan lang ay pagkaliit na bata, ngayon ay hindi ko na halos makilala. Ang laki ng iginanda niya. Kung hindi lang nakakaasiwa ay nakisali rin ako sa mga lalaking nag-umpukan para sa atensyon niya noong party ni Nicole.”

Pasimpleng pinahid niya ang pawis at inabot ang susi ng sasakyan sa bulsa. “Sige, mauna na ako. Tatawagan na lang kita para sabihin kung kailan ang petsa ng kasal namin ni Celine.”

“Teka,” pigil ni Clint sa kanya. “Mag-a-alas siete na, palabas na rin ako, eh. Bakit di ka na lang mag-dinner sa bahay? Napakatagal na nating hindi nagkakakuwentuhan. Sama ka na muna, may bagong pagawa rin akong mini-bar sa bahay,” nakangisi nitong patuloy.

Saglit siyang nag-isip. Matagal-tagal na rin nang

huli siyang lumabas. Trabaho palagi ang inaasikaso niya. Mabuting kaibigan si Clint sa kanya, kaya naisip niyang pagbigyan ito at nang makapagliwaliw na rin.

“Sige, s’unod na lang ako sa bahay n,yo, ang dati pa rin naman di ba?” aniya.

“Yup, walang pinagbago!” sagot nito.

“Sige, magpapaalam lang ako nang personal kay Celine ’tapos tutuloy na ako sa inyo. I’ll see you later.”

“Hindi sa ayaw ko, ha? I totally don’t have a problem with it, but... why have you been staying here?”

Mula sa ginagawang reviewer ay umangat ang tingin ni Aya kay Nicole na nakapangalumbaba sa lamesa. Pilit siyang ngumiti. “Maingay kasi ngayon sa bahay, hindi ako makakapag-review nang maayos.”

Umikot ang mga mata nito. “Baka kung hindi ko pa nakikita ang bahay n’yo ay mapaniwalaan ko pa ’yang sinasabi mo. Pireira mansion is the biggest house here at feeling ko ay kahit ilang dosena pang tao ang naroon ay aalog-alog pa rin kayo. ’Tapos sasabihin mo naiingayan ka dahil lang nadagdagan ng tatlo ang tao roon? Ano, may gamit ba silang mic

pag nag-uusap?”

Aya managed a laugh despite her heavy heart. “Hindi lang ako sanay na maraming tao d’un. ’Yun lang ’yun. Bakit, naguguluhan ka na ba sa ’kin?” nag-aalala niyang tanong.

Hinampas siya nito sa braso. “Ano ka ba? Kahit tumira ka pa dito, eh! Saka kung paalisin kita, baka hindi mo ipahiram sa akin ang mga reviewer na ginawa mo.” Tumayo na ang kaibigan at humilata sa malawak nitong kama. “Gusto mo dito ka na lang matulog?” pagkuwan ay tanong nito.

“Hindi, malalagot ako kay Tatay at baka sugurin pa ako ni Lander dito. Alam mo naman ang lalaking ’yun,” umiiling niyang tanggi.

Napahalakhak ang kausap. “Naalala ko tuloy si Greg, ayaw na ’atang tumuntong dito sa atin dahil kay Lander. Sukat ba namang painumin ka nang painumin.” Umiling-iling ito at biglang nagliwanag ang mukha. Mabilis itong tumayo at binuksan ang closet.

Nanlaki ang mga mata niya nang makita ang inilabas nito. Isang malaking bote ng *Jack Daniels*.

“Ano ’yan?” gulat niyang tanong.

Ngumisi si Nicole. “Nagpagawa si Kuya ng mini-bar sa ibaba, pagkadaming alak na binili. Sinubukan ko lang kung mapapansin niyang nakukulangan na ang whiskey niya. Nabuo na’t lahat ang bar, ni hindi man lang niya nahalata.”

“Ano naman ang gagawin mo diyan?” tanong pa rin niya.

Humagikgik ito. “I-try lang natin, tig-isang shot lang.”

Marahas siyang umiling-iling. “Ano ka ba? Uuwi pa ako, saka gusto mo bang bugbugin ako ni Tatay?”

“Ang OA mo, isang shot lang, eh! Para malaman natin kung bakit gustong-gusto ’to ni Kuya. Sige na, isa lang talaga!”

Tinitigan niya ang bote na kulay malabnaw na kape. Bumabalik ang pangaral sa kanya ni Lander. “Isa lang, ha?”

Sapo ang ulong sumilip si Aya sa banyo kung saan naroon si Nicole at nakikipagkilala sa toilet bowl. “Matagal ka pa ba?” Hindi na nito nilisan ang banyo nang mapangalahati nila ang bote.

Hindi man siya nasusuka ay gusto niyang maligo.

Init na init ang pakiramdam niya at tumatatak sa kanyang isip na kailangang normal ang hitsura niya pag-uwi niya sa bahay. Kailangan ding maalís ang amoy ng alak sa katawan niya.

Nakita lang niya ang pag-iling-iling ng kaibigan bago ang pagpipilit nitong mailabas ang anumang laman ng tiyan. Hilong sinipát niya ang wristwatch at napakagat-labi; mag-a-ala una na. Humahawak sa mga madadaan para masuportahan, lumabas siya ng kuwarto ni Nicole. Maghahanap siya ng ibang banyo na puwede niyang magamít.

Sinubukan niyang buksan ang pintong unang nakita. Sandali siyang kumurap-kurap nang mabungaran ang kadiliman sa loob ng kuwartong iyon. Nang masanay ang mga mata ay nalaman niyang walang tao sa kuwarto, walang gusot ang malawak na kama. Nasipatan niya kaagad ang pinto sa paanan ng kama na nasiguro niyang banyo.

Mabilis niyang isinara ang pinto, hindi na niya pinagkaabalahang buksan pa ang ilaw ng kuwarto at tumuloy na sa bathroom. Mabilis siyang naligo at tinuyo ang sarili gamít ang isang malinis na tuwalya roon.

Kahit papaano ay nahimasmasan siya at sigurado rin siyang hindi na ganoon kalakas ang amoy ng

alak sa kanyang katawan. Bitbit ang mga damit ay lumabas siya ng banyo. Pero nang buksan niya ang pinto ay natulos siya sa kinatatayuan.

Sa madilim na kuwarto na tanging ang sinag ng bilog na buwan lang ang nagbibigay-ilaw ay nakita niyang may nakatayong lalaki. His eyes framed with glasses glittered against the moon's reflection, his stance unsteady, his built excruciatingly familiar.

Miguel! sigaw ng isip niya.

Ramdam niya ang paghagod ng tingin nito sa kabuuan niyang tanging maikling tuwalya lamang ang nakabalot. Immediately, her hands tightened on the knot of the towel on her chest. Pakiramdam niya ay mga kamay nito ang maliliit na butil ng tubig na humahagod sa kanyang magkabilang balikat, sa mga braso, sa dibdib.

“Who are you?” marahan nitong tanong, naglakad papalapit sa kanya. Hindi siya nito nakilala.

Mabilis siyang napaatras, natakot sa intensidad na nasa boses nito; sa init na biglang nanalaytay sa bawat himaymay ng kanyang katawan. The heat that seemed to have settled when she showered came back with a vengeance. And it was searing her nerves.